# Perinatal Substance Use Disorder (Sakit sa Paggamit ng Alkohol o Droga (SUD) Bago o Pagkatapos ng Panganganak) Mga Serbisyo sa Pagpapagamot Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng County ng Alameda (ACBHCS)

## Mga Serbisyo sa SUD sa Kalusugan ng Pag-uugali ng County ng Alameda

Ang ACBHCS ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa prebensyon, edukasyon, at pagpapagamot sa kalusugang pangkaisipan at sakit sa paggamit ng alkohol o droga sa bawat residenteng nangangailangan sa County ng Alameda.

**Nagkakaloob ng serbisyo ang ACBHCS sa mga sumusunod na populasyon:**

- Mga nakakatanda (60 taong gulang at pataas)
- Mga adulto (18 taong gulang at pataas)
- Mga kabataang nasa edad ng transisyon (16 hanggang 24 taon)
- Mga kabataan at paslit (kapapanganak hanggang 17 taon)

**Inihahandog ng ACBHCS ang mga sumusunod na serbisyo upang tugunan ang mga sakit sa paggamit ng alkohol o droga:**

- Mga pasilidad para sa detox
- Mga residensyal na pasilidad sa pagpapagamot
- Mga residensyal na kapaligiran para sa paggalit/sober living (pamumuhay nang hindi lango sa alkohol o droga)
- Mga programa ng pagpapagamot na outpatient at intensibong outpatient
- Mga programa ng pagpapagamot na narkotiko

**Inihahandog ng ACBHCS ang mga espesyalisadong serbisyo para sa mga kababaihang may mga kondisyon sa paggamit ng alkohol o droga na siya ring:**

- Nagdadalantao o may mga paslit na anak
- Dating nakulong
- Nangangailangan ng tulong sa pabahay at/o trabaho
- Nangangailangan ng impormasyon tungkol sa suporta sa komunidad para sa mga serbisyo sa paggaling at/o patnubay tungo sa pag-iwas sa paggamit ng alkohol o droga at pagpapagamot.

## Pagpapagamot at mga Serbisyong Perinatal (bago o pagkatapos ng panganganak)



Ang mga nagdadalantaong kababaihang may mga kondisyon sa paggamit ng alkohol o droga ay binibigyan ng priyoridad sa pag-access kapag naghahangad ng pagpapagamot sa paggamit ng alkohol o droga. Nauunawaan naming ang mga kababaihang may mga kondisyon sa paggamit ng alkohol o droga ay may mga espesyal na pangangailangan, lalo na ang mga kababaihang nagdadalantao. Nagkakaloob ang ACBHCS ng mga programang outpatient, intensibong outpatient, residensyal na paggamot at narkotikong paggamot na idinisenyo partikular na para sa mga kababaihang nagdadalantao o may mga paslit na anak. Sa ACBHCS, ang aming mga Perinatal SUD Provider (Mga SUD na tagapagbigay ng pangangalaga sa panahon bago o pagkatapos ng panganganak) ay tumutulong sa mga kababaihang may mga espesipikong pangangailangan sa pamamagitan ng: isang saklaw na mga serbisyo ng paggamot sa SUD; case management upang iugnay ang mga kababaihan sa mga serbisyong medikal, pabahay, trabaho at mga panlipunang serbisyo; pag-aalaga sa anak; at kasanayan sa pagiging magulang.

| OUTPATIENT NA PAGPAPAGAMOT | RESIDENSYAL NA PAGPAPAGAMOT | RESIDENSYAL NA PAGPAPAGALING KAPALIGIRANG SOBER LIVING | MGA PROGRAMA NG PAGPAPAGAMOT NA NARKOTIKO |
|---|---|---|---|
| Mas mababa sa 9 na oras ng serbisyo/linggo<br>**INTENSIBONG OUTPATIENT NA PAGPAPAGAMOT**<br>9 na oras o higit pang serbisyo/linggo | 24-oras na residensyal na may sinanay na personnel/counselor na nagkakaloob ng mga serbisyong may kaalaman sa trauma at kasanayan sa pagiging magulang para sa mga nagdadalantao o magulang na kababaihan, kabilang ang: indibidwal at panggrupong counseling; pagmonitor ng paggaling; case management (mga pag-uugnay sa mga serbisyong pang-edukasyon, bokasyonal, pabahay, transportasyon, at iba pang mga serbisyong batay sa pangangailangan). | Mga group home upang suportahan ang sobriety (hindi pagiging lango o lulong) at pagpapagaling para sa mga taong kalahok sa lingguhang outpatient na pagpapagamot. | Araw-araw o maraming beses kada linggong pagpapagamot na may tulong sa pag-inom ng gamot, pangunahin na ang paggamit ng methadone, at counseling upang mapanatili ang matatag na pagganap para sa mga may mga malubhang pagkalulong sa opioid. |

## Mga Klinikang Perinatal at mga Programa ng mga Provider

### Outpatient na Pagpapagamot

**Alameda Health System Highland Hospital Substance Abuse Program** **(http://www.highlandahs.org/our-services/specialty-services/substance-abuse)**
1411 E. 31st Street, Oakland, CA 94602 | Phone: 510-437-5192

**La Familia Counseling, Inc.** **(http://www.lafamiliacounseling.org)**
3315 International Boulevard, Oakland, CA 94605 | Phone: 510-536-4764

- Wikang Espanyol

### Intensibong Outpatient na Pagpapagamot

**Alameda Health System Highland Hospital Substance Abuse Program** **(http://www.highlandahs.org/our-services/specialty-services/substance-abuse)**
1411 E. 31st Street, Oakland, CA 94602 | Phone: 510-437-5192

### Residensyal na Pagpapagamot

**Bi-Bett Orchid Women's Residential Treatment Program**
1342 E. 27th Street, Oakland, CA 94606 | Phone: 510-535-0611

- Kabilang ang mga kababaihang may AB109 status

**East Bay Community Recovery Project (EBCRP)/ Project Pride** **(http://www.ebcrp.org/)**
2545 San Pablo Avenue, Oakland, CA 94609 | Phone: 510-446-1190 #5

**Magnolia Women' Recovery Program** **(http://www.magnoliarecovery.org/contact.html)**
682 Briergate Way, Hayward, CA 94544 | Phone: 510-487-2910
34089 Andover Street, Oakland, CA 94609 | Phone: 510-547-1351

### Recovery Residence (RR)/ Sober Living Environment (SLE)

**Bi-Bett Orchid Women's Sober Living Environment**
3232 14th Avenue, Oakland, CA 94602 | Phone: 510-842-8453

- Includes women with AB109 status

## Mga Programa ng Pagpapapagamot na Narkotiko

**Berkeley Addiction Treatment Services, Inc. (BATS)** **(http://www.batsrecovery.org/)**
2975 Sacramento Street, Berkeley, CA 94702 | Phone: 510-644-0200

**Humanistic Alternative to Addiction Research and Treatment (H.A.A.R.T.)** **(http://www.haartoakland.org/)**
10850 MacArthur Boulevard Suite 200, Oakland, CA 94603 | Phone: 510-875-2300

**West Oakland Narcotic Treatment Program** **(http://www.wohc.org/wohc.html)**
700 Adeline Street, Oakland, CA 94607 | Phone: 510-835-9610 x 2155

**Alameda County Behavioral Health Care Services**
**(Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng County ng Alameda)**
**2000 Embarcadero Cove Suite 400, Oakland, CA 94606**
**Info Line: 510-567-8100**
**www.acbhcs.org**